**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 8, 1-13




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Re-imahinasyon sa konsepto ng bata: Pagmamalay at pagsusuri sa mga piling Ilokanong kuwentong pambata

Alejandro, Dwight James
Bagcal, Krystian Lloyd
Barroga, Christan Jaynard
Dela Concha, Mark Lawrence
Rambaud, Anthony James
Galdonez, Dominic Patric ✉
*Philippine Science High School-Ilocos Region Campus, Philippines (galdonezdg@irc.pshs.edu.ph)*

**Received**: 23 June 2024 **Revised**: 6 July 2024 **Accepted**: 20 July 2024
**Available Online**: 20 July 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24060

***Abstract***

Reading is a multifaceted process in developing general knowledge and understanding of the world. Children's stories are used to teach children proper behavior, knowledge, and life skills. In this study, selected Ilocano children's stories were gathered and analyzed to understand the child's concept, as well as the conflicts they face based on the content of the literature. A qualitative research approach was used in this study. Through content analysis and thematic analysis, the concepts of the child and the conflicts they faced as characters in the literature were analyzed and identified. From the gathered data, four child concepts were identified: child and their caregivers; child and poverty; child and single-parent guardian; and child and innocence. Three conflicts were also identified from the stories: human versus self; human versus society; and human versus human. The evolution of the child as a character within the story was also observed from the analyzed children's stories. There was also an attempt to depict some social problems through the character or concept of the child in the content of the literature. Deep reading and analysis of other children's stories written in different languages are important to further understand the child's reimagination as the primary character in children's stories and to identify other emerging social issues related to children.

***Keywords:*** multifaceted, concept, context, conflict, content analysis, thematic analysis

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Re-imahinasyon sa konsepto ng bata: Pagmamalay at pagsusuri sa mga piling Ilokanong kuwentong pambata

## 1. Introduksiyon

Ang pagbabasa ay isang *multifaceted* na proseso na nagsisilbing pundasyon ng pangkalahatang kaalaman na tumutulong sa pag-unawa ng malawak nating mundo. Ayon kay Law (2023), ang pagbabasa ay kapaki-pakinabang sa kapakanan ng isang tao. Inilahad nito ang ilan sa mga benepisyong taglay ng pagbabasa tulad ng pagpapalago sa kalusugang pangkaisipan ng isang tao, libangan upang makalayo sa mga pagod at stress na ating nararanasan, at makakuha ng mahahalagang aral. Kung kaya naman, ang pagbabasa ay isang mahalagang bahagi sa estruktura ng edukasyon. Kadalasan, ang mga panitikang ipinababasa sa mga bata ay mga kuwentong naglalaman ng mga mabubuting aral upang turuan ang kabataan ng magagandang asal. Sumakatuwid, ang mga kuwentong pambata na ito ay koleksiyon ng mga masisining na literatura na isinulat para sa mga bata (Schneider, 2016). Naglalaman ito ng mga sagupaan na ating nakikita at nararanasan sa totoong buhay na humuhubog sa persepsiyon ng mambabasa habang ito ay nagbibigay ng kasiyahan sa mambabasa (Rahim & Rahiem, 2012). Maliban diyan, ipinapakita rin ng mga kuwentong ito ang kultura ng isang komunidad na siyang nakadaragdag sa kaalaman ng mambabasa. Gamit ang mga kuwentong ito, namumulat sa mga asal at aral na kinikilala ng kumunidad na tama at upang ilayo ang mga bata sa mga di kanais-nais na kaugalian. Ang mga kuwentong pambata ay nagsisilbing salamin para sa bata sa pagpapabuti ng kaniyang kaugalian (Rahiem, 2013).

Dahil sa mga pagbabagong ating nasasaksihan sa ating mundo, ang pagbabasa ng kuwentong pambata ay mas napadali gamit ang *internet.* Malaki ang ambag ng *internet* sa pagsasapubliko ng mga kuwento, kahit anong oras o nasaan ka man sa mundo, puwede nang basahin ang mga kuwentong pambata. Dulot ng pagbabagong ito ang pagbabago rin sa mga tema, paksa, at mensahe ng mga nasabing kuwento. Dagdag pa rito, malaki rin ang impluwensiya ng mga pagbabago na ating nasasaksihan sa kasalukuyang panahon (Daniels, 2020). Sa kasalukuyan, marami na rin ang mga kuwentong pambata na nailathala ang nabibigyan ng prestihiyosong gantimpala at parangal, mapalokal man o internasyonal (Aguila, 2017). Isa sa mga ito ay ang mga kuwentong pambata na isinulat at inalathala ni Bb. Leah D. Manzano, isang guro sa Santa Lucia, Ilocos Sur. Ang kanyang mga kuwentong pambata na naisulat sa Iloko ay nabigyang parangal dahil sa mensaheng taglay nito at aliw na ibinibigay nito sa mga bata't matanda. Ilan sa kaniyang kuwentong nabigyan ng parangal ay ang "Kumaw" na nanalo ng unang gantimpala sa 14th Reynald F. Antonio Awards For Iluko Literature (RFAAFIL) Reader's Choice Award noong 2017, ang kuwentong "Ti Sagutko ken ni Tatang" na nanalo ng unang gatimpala sa 11th Reynald F. Antonio Awards For Iluko Literature (RFAAFIL) Reader's Choice Award noong 2014, at ang kuwentong "Agbasan ni Tonton" na nanalo ng unang gantimpala sa 16th Reynald F. Antonio Awards For Iluko Literature (RFAAFIL) Reader's Choice Award noong 2016. Siya rin ay itinanghal bilang A.N.A.K ti RFAAFIL.

Kaya naman, nakagaganyak na pag-aralan kung paano nailarawan ang mga bata sa kaniyang mga kuwentong pambata kalakip ng mga modernong kaisipan at karanasan na ating nasasaksihan sa totoong buhay dahil ang imahe na inilalarawan sa kuwento ay nakaaaapekto sa resepsiyon ng bata sa kanyang sarili: sa kanyang ugali, pakikitungo sa iba, at pagtangkilik sa sariling kultura at pamamaraan sa buhay (Jagoo & Atkins, 2023). Dagdag pa rito, dapat pag-aralan at isagawa ito para sa preserbasyon ng kulturang Ilokano dahil ayon kay Reolalas (2018), unti-unti nang nawawala ang kulturang Ilokano dulot ng pagbabago sa lipunan at pagsulong ng agham at teknolohiya.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang suriin at unawain ang mga piling kuwentong pambatang isinulat ni Bb. Leah D. Manzano. Sinikap ding sinagot ang sumusunod na espispikong layunin:

- Matukoy ang konsepto ng bata sa mga kuwentong pambata.

- Masuri ang mga tunggaliang kinahaharap ng mga bata sa mga kuwentong pambata.
- Makabuo ng learning guide mula sa mga nasuring kuwentong pambata.

## 2. Rebyu ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral

***Panitikang pambata -*** Ang panitikang pambata ay isang sining at kultura na naglalaman ng mga tema at karanasan na mahalaga sa mundo ng mga bata. Ito ay isang mahalagang bahagi ng kanilang pag-unlad at paglaki, na nagbibigay-daan sa kanila upang maipahayag ang kanilang imahinasyon at damdamin sa pamamagitan ng tradisyunal na wika at mga akda. Ayon kay Grenby (2014), ang panitikang pambata ay tumutungtong sa iba-ibang anyo tulad ng mga aklat-aralin, fiction, mga kasulatan, at pati na rin sa larong kompyuter. Sa paglalahad ng mga kwento at akdang ito, hindi lamang nagiging daan ito para sa mga batang mambabasa na magkaroon ng sariwang karanasan, kundi nagbibigay rin ito ng mga aral at halaga na naglalayong gabayan at palakasin ang kanilang moralidad at pagpapahalaga. Ayon sa pag-aaral nina Rahiem et al., (2020) nakatutulong na bigyan ang mga bata ng katwiran na gumawa ng mabuting-gawa at hayaan silang maging mapanuri sa kanilang mga aksiyon sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Mahalaga ang pagsusuri sa mga ito upang mas maintindihan at magabayan ang mga bata at mambabasa sa tamang pang-unawa sa nilalamang ng mga akdang pambata. Mula sa libro ni Hunt (2006), ipinapakita kung bakit ito ay mahalaga sa pamamagitan ng pagtingin sa iba't ibang perspektibo at pamamaraan ng pagsusuri, nag-ambag ito sa mas malawak na pag-unawa sa kahalagahan at epekto ng panitikang pambata sa pag-unlad ng bawat indibiduwal at sa mas malawak na konteksto ng kultura.

***Epekto ng Pagbasa -*** Mayroong iba’t ibang uri ng mga kuwento, tulad ng pasalita o oral, dihital, biswal, at nakasulat. Ang mga nakasulat na kuwento ay ang pinakamaingat na paraan para maipasa, bilang isang kultural na tradisyon, ang mga ito sa mga susunod na henerasyon. Ang pagbabasa ng mga kuwento ay isang karaniwang paraan ng pagtuturo na ginagamit pa noong unang panahon. Ayon kay Satriani (2019), makatutulong ang pagbabasa ng mga kuwento sa mga mag-aaral upang mas maintindihan nila ang nangyayari sa mundo at mas napasasaya ang pag-aaral habang nakatutulong din sa kanila na mas maintindihan ang mga kaugnay na impormasyon na nakapaloob sa mga ito. Ang positibong epektong ito ay makikita sa pag-aaral ni Handayani (2013), na ang nakukuhang kasiyahan mula sa pagbasa ng maikling kuwentong pambata ay may nakakaimpluwensiya sa mabilis na pag-unawa ng mga impormasyong binabasa. Ang pagbabasa ay hindi lamang nagpapabuti sa kakayahang pangkaisipan ng isang tao, natuklasan din sa isang pag aaral na ito rin ay isang non-pharmaceutical na paraan upang mapabuti ang ang kalusugan ng isip ng isang tao (Monroy-Fraustro et al., 2021). Saad pa nila na ang bibliotherapy, isang therapeutic na proseso upang suportahan ang kalusugang pangkaisipan gamit ang pagbasa, ay isang epektibong paraan upang gamutin ang anxiety, depression, sleep disorders, at burnout.

***Ang paggamit ng mga kuwentong pambata sa pagtuturo ng magandang aral -*** Bakit nga ba gagamitin ang mga kuwentong pambata? Dahil ang mga kuwentong pambata ay isang magandang mapagkukunan ng aral dahil maaari itong makapagturo ng iba’t ibang paksa (Prestwich, 2004). Nakatutulong ang mga kuwentong pambata upang masimulang mapag-usapan at mapag-isipan ang tungkol sa pagtuturo ng magandang asal, ngunit natagpuan na ang pagkakaroon ng talakayan pagkatapos ng pagbasa ng mga piling kuwentong pambata ay napabubuti ang epekto ng mga ito sa asal ng mga mag-aaral (Smith-D’Arezzo & Moore-Thomas, 2010). Ang mga panitikan ay isang magandang paraan ng pagturo ng magandang asal dahil mas mauunawaan ng mga mag-aaral ang mga katangian ng karakter at damayan sila sa halip na iba ang magsabi ng mga impormasyon gaya ng mga iba’t ibang mga katangian o koneksiyon ng mambabasa at ng mga karakter sa isang literatura (Lowe, 2009; Prestwich, 2004). Ayon kay Jalongo (2004), nararapat na gamitin ang mga kuwentong pambata sa pagtuturo ng magandang asal dahil ang mga kuwentong pambata gaya ng mga picture books ay nakaaaakit pagdating sa mga batang mambabasa, madaling naipaparating ang mensahe, at ang mga visual image ay nag-iiwan ng hindi malilimutang impresyon.

***Mga uri ng tunggalian -*** Ang maikling kuwento kagaya ng mga kuwentong pambata ay binubuo ng tema, *backstory* o *exposition*, balangkas, mga tauhan, kasukdulan ng kuwento, tunggalian, konteksto at tagpuan ng

kuwento. Ang tunggalian ay ang pinagmumulan ng problema sa isang kuwento. Ito ay nahati sa dalawang klasipikasyon, panloob na tunggalian at panlabas na tunggalian. May apat na uri ng panlabas at panloob na tunggalian at ito ang tao laban sa sarili, tao laban sa tao, tao laban sa kalikasan, at tao laban sa lipunan (Fauzan, 2016). Ang tao laban sa sarili ay isang uri ng tunggalian sa panitikan kung saan ang pangunahing tauhan ay may salungatan sa kanilang sariling damdamin, isip, at mga naisin. Ang panloob na pakikibaka na ito ay madalas na bumubuo ng pangunahin o pangalawang tunggalian sa isang kuwento, nadaragdagan ng lalim at komplikasyon sa naratibo. Sa totoong buhay, ang cognitive dissonance ay isang rason kung paano nabubuo and tao laban sa sarili sa mga salaysay o nobela kung titignan ito sa sikolohikal na pamamaraan. Ang cognitive dissonance ay isang sikolohikal na epekto na nararanasan ng isang indibidwal kapag ang kaniyang mga aksiyon, paniniwala sa buhay ay hindi pare-pareho o konsistent (Yahya & Sukmayadi, 2020). Halimbawa, sa "Crime and Punishment" ni Fyodor Dostoevsky, ang pangunahing tauhan na si Rodion Raskolnikov ay labis na naguguluhan at nababahala matapos niyang patayin ang isang may-ari ng sanglaan.

Ang tunggaliang tao laban sa tao o *inter-personal conflict* ayon kay Nikolajeva (2005) na binanggit sa pag-aaral ni Folarin (2013) ay isang away na nagaganap sa pagitan ng mga tauhan sa isang kuwento. Ito ay isang uri ng tunggalian na nagpapakita ng literal na palitan ng suntok, at putukan ng baril o pagkakaroon ng nakawan sa kuwento. Dagdag pa niya, maaari ding pagmulan ng tunggaliang tao laban sa tao ay ang magkakaibang nais ng mga tauhan sa kuwento. Ang tunggaliang tao laban sa kalikasan ay naglalarawan ng karakter na kinakalaban ang mga likas na puwersa katulad ng mga hayop o panahon. Katulad rin sa pag-aaral ni Irmscher (2004) na sinasabi na ang tunggalian na ito ay tinutugunan na ang karakter ay may malawak na relasyon sa kalikasan. Ang mga literatura ay nagpapakita ng mga hamon katulad ng climate change. Dagdag pa niya, ito ay komplikado at pabago-bago na relasyon ng dalawa. Pagdaragdag pa niya na may iba pang kadahilanan na puwedeng maka-impluwensiya sa karanasan at pakikisalamuha sa kalikasan ng indibiduwal o grupo, ang mga ito ay maaring kasarian, lahi, at klase. Kaya hindi lang iisang dahilan ang ipinapakita ng tunggaliang ito, maaring mapalawak pa ang mga akda katulad sa diskriminasyon kung paano ang kanilang pakikisalamuha sa kalikasan.

Ayon kay Morell (2009), ang tunggaliang tao laban sa lipunan ay nagmumula sa pakikipagtunggalian ng tao laban sa mga institusyon, gawi o pamantayan ng lipunan o *status quo*. Ang mga suliraning maaaring nais baguhin ng tunggaliang ito ay ang pang-aalipin, pang-aabuso sa karapatang pantao, katiwalian, diskriminasyon sa mga miyembro ng LGBTQIA++ at pang-aabuso sa mga babae't kabataan sa makabagong panahon. Dagdag pa niya, ang tunggaliang tao laban sa tao ay maaring magbunga bilang tao laban sa lipunan. Ang tunggaliang ito ay maaring maitaguyod sa iba't ibang paraan ngunit ang pinakalaganap na pamamaraan ay ang pagsusulong ng tao ng isang pagkilos o rebolusyon na naglalayong burahin o ibahin ang *status quo* sa pamamagitan ng isang sustenido at popular na pagkilos ng taong nagnanais ng pagbabago para sa lipunang kaniyang ginagalawan (Folarin, 2013).

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kuwalitatibong lapit. Ang pag-aaral ay nakatuon sa disenyong content analysis o pagsusuring pangnilalaman. Ang content analysis ay isinagawa sa pamamagitan ng masusing pag-unawa sa mga batang karakter sa mga piling kuwentong pambata na isinulat ni Bb. Leah D. Manzano. Ang content analysis, ayon kina Short et al. (2009) at Busch et al. (2005), ay isang konseptuwal na lapit na ang layunin ay ang pag-unawa ng isang teksto na isinasaalang-alang ang nilalaman ng teksto mula sa isang teoretikal na perspektibo gaya ng sosyo-historikal, gender, kultural, o mga tematikong pag-aaral. Ito ay sistematikong proseso ng pagsusuri at pagkilala ng mga tema at konsepto sa pinag-aaralang literatura o teksto (Galdonez, 2022).

***Instrumento, paraan ng pangangalap ng datos, at mga etikal na pamantayan -*** Sa kuwalitatibong pag-aaral na ito, ginamit ang mga kuwentong pambata ni Bb. Leah D. Manzano, isang guro at awtor ng mga kuwentong pambata sa Santa Lucia, Ilocos Sur. Binasa at sinuri ng mga mananaliksik ang mga kuwentong pambata upang sila'y makabuo ng estandardisadong katangian ng isang bata bilang isang tauhan at kung ano ang konteksto ng bata sa mga kuwento. Ginamit ang thematic analysis upang makita ang mga tema sa mga piling

kuwentong pambata. Ang thematic analysis naman ay isang kuwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral ng mga klasipikasyon at paglalahad ng mga temang nabuo mula sa nakalap na datos (Alhojailan, 2012). Ayon sa pag-aaral ni Tan Jr. (2015), nakatutulong ang outlining sa pag-unawa ng mga binabasa ng mga batang mag-aaral. Ang sumusunod ay ang mga sinuring kuwentong pambata: Ti Sagutko Ken ni Tatang, Ti Balay nga Arapaap ni Letty, Dagiti Medalia ni Nanang, Kumaw, at Dagiti Dua a Lilangko. Ang mga kuwentong pambatang ito at nakatugon sa inklusyong krayterya na nabuo ng mga mananaliksik sa pagtukoy ng mga kuwento o akdang susuriin. Ang mga akda ay dapat: isang maikling kuwentong pambata; nagwagi sa prestihiyosong patimpalak; at akda ni Bb. Leah D. Manzano.

Hindi agad masasabing tama ang mga konseptong nabuo ng mga mananaliksik, kaya bilang balidasyon, nagkaroon pakikipanayam ang mga mananaliksik sa mismong awtor hinggil sa mga konsepto at temang nabuo sa pag-aaral. Ang mga sagot mula sa panayam ay ginamit bilang pansusog at koroborasyon sa mga resulta ng pag-aaral. Ang mga datos na nakalap mula sa awtlayn at pakikipanayam ay naging pundasyon sa paglikha ng kagamitang pampagtuturo. Sa pag-aaral nina Portana et al. (2021), nagpapatunay na ang mga kagamitang pampagtuturo ay isang mahalagang kasangkapan sa proseso ng pagtuturo at pagkatutong epektibo. Layunin ng mga kagamitang ito na mas mapalalim ang pagkaunawa ng mga bata sa mga kuwento. Ang mga nabuong kagamitang panturo ay idinisenyo batay sa resulta ng pananaliksik at sinuri ng may-akda, para sa balidasyon at relayabiliti nito, sa isinagawang panayam. Isinakatuparan din ang mga etikal na pamantayan sa pagsasagawa ng pananaliksik gaya ng paghingi ng pahintulot sa may-akda sa paggamit ng kaniyang mga akda.

## 4. Resulta at Diskusyon

### *Buod ng mga Kuwentong Nasuri*

Makikita sa ibaba ang buod ng mga kuwentong nakalap upang mas madaling maunawaan ang mga kuwentong ginamit at sinuri.

***Kumaw -*** Sa Sitio Taleb, may isang nilalang na tinatawag na Kumaw na kinatatakutan ng mga kabataan. Ayon kay kuya Pepito, sila ay mga nangunguha ng bat ana nagdudulot ng takot sa komunidad. Dahil dito, ang mga bata ay nararapat na umuwi agad at maging masunurin sa mga magulang. May mga usap-usapan tungkol sa Kumaw sa tindahan ni Aling Seniang, at dahil dito, nagiging maingat ang mga bata sa kanilang kilos. Ang takot sa Kumaw ay nagdudulot ng pagbabago sa ugali ng mga bata. Hindi na sila naglalaro ng tagu-taguan at mas maingat sa kanilang pag-uugali. Ang mga magulang ay nagiging mapanakot upang mapanatili ang disiplina sa kanilang mga anak. Sa kabila ng takot, may ilang bata na nagdududa sa pagiging totoo ng Kumaw, at ang pangunahing tauhan ay nagtangkang magsinungaling ngunit napagtanto ang kahalagahan ng katapatan. Sa huli, natuklasan na ang takot sa Kumaw ay nagdudulot ng pangamba at ilusyon, at ang pagmamahalan ng komunidad ang nagtataglay ng tunay na kapayapaan.

***Ti Balay nga Arapaap ni Letty -*** Pag-uwi ni Letty mula sa pagbisita ng bahay ng may kaarawan niyang kamag-aral na si Sophie, anak ng isang mayamang doktor, ay nadismaya siya dahil hindi gaano kalaki ang kanilang bahay gaya ng bahay nila Sophie. Naisip din niya ang isa pa niyang kamag-aral na si Miko, anak ng mayamang seaman, dahil malaki rin ang kanilang bahay. Dahil dito, hindi niya mapigilang mainggit sa dalawa at hinangad na maging seaman din ang kaniyang tatay. Naglabas si Letty ng papel at gumuhit siya ng malaking bahay at kaniyang kinulayan ito. Naglabas ulit siya ng papel at gumuhit ulit siya ng mas malaking bahay sa una niyang ginuhit at kaniyang kinulayan ito. Pinaskil niya ang kaniyang mga ginuhit sa pader at bigla siyang may narinig na umiiyak. Nagising siya bigla sa pagkaidlip niya at nakita niya si Sophie mula sa ginuhit niyang bahay, na umiiyak dahil sa pag-aaway ng kaniyang magulang. Nakita rin ni Letty sa isa pa niyang ginuhit na bahay na si Miko ay umiiyak din dahil sa pag-aaway ng magulang niya. Naawa si Letty sa dalawa niyang kamag-aral. Dahil sa kaniyang mga nasaksihan, napagtanto niyang suwerte siya dahil masaya silang pamilya kahit na mahirap sila. Nagising si Letty sa kaniyang panaginip mula sa pagsigaw ng pangalan niya ng kaniyang nanay. Sinabi ni Letty sa kaniyang nanay na ayos lang sa kaniya na maliit ang bahay nila basta hindi mag-away ang kaniyang tatay at

nanay. Natuwa na lamang ang kaniyang nanay dahil sa sinabi ni Letty.

***Dagita Dua a Lilangko -*** May dalawang lola, sina apong maring at apong ingga, na lubos na minamahal ang kanilang apo na si Melita. Nilulutuan nila ng masasarap na pagkain, tinatahi ang kaniyang sirang damit at panyo, at nagbabahagi ng nakakaintrigang mga kuwento. Habang tumatagal ang panahon at tumatanda si Melita, hindi na niya ikinatutuwa ang ginagawa ng kaniyang mga lola. Ngunit isang araw, nag away ang mga magulang ni Melita at hindi niya alam ang kaniyang gagawin. Naisipan niyang magpatulong kina apong Maring at apong Ingga, na siyang rason para malutas ang pag-away ng magulang ni Melita. Dahil sa pangyayaring iyon, mas pinahalagahan ni Melita ang landas na ginagampanan ng kanyang dalawang lola.

***Dagiti Medalia ni Nanang -*** Ang kuwento ay nagsisimula sa isang batang nangangarap na magkaroon ng medalya para sa kaniyang inang nagtatrabaho bilang isang nagtitinda sa palengke. Sa pag-aakalang ang pagkakaroon ng medalya ang magbibigay ng karangalan at pagkilala sa kanyang ina, nagpasya siyang bumili ng medalya para dito. Ngunit sa huli, natuklasan niya na ang kanyang kapatid na lalaki ay naging first honor sa kanilang paaralan at ibinigay ang medalya bilang regalo para sa kanilang ina. Sa pagtanggap ng medalya, ipinahayag ng ina ang kaniyang kaligayahan at pasasalamat sa kaniyang mga anak, na ang paglaki ng mabubuting tao ang mas malaking karangalan kaysa anomang medalya. Sa dulo, natutuhan ng bata na ang tunay na halaga at karangalan ay matatagpuan sa pagmamahal at sakripisyo ng kaniyang ina, at sa kabaitan at pagiging mabuti ng kanilang pamilya.

***Ti Sagutko ken ni Tatang -*** Ang kuwento ay tungkol sa isang batang nagngangalang Angelito. Gusto niyang regaluhan ang kaniyang ama sa nalalapit nitong kaarawan dahil gusto niyang pasalamatan ang kaniyang ama sa mga ginagawa nito sa kaniya, tulad ng pagluluto ng paborito niyang pagkain, paghahatid sa kaniya sa eskuwela gamit ang bisikleta, pagkukumpuni ng mga sasakyan bilang mekaniko, pagkukuwento ng mga kakaibang kuwento bago matulog, at paglalaba tuwing Sabado. Napagpasyahan ni Angelito na bilhin ang paboritong goto ng kaniyang tatay bilang regalo. Sa kaniyang pag-uwi, nakita niya si mang Inso na pilay kasama nito ang kaniyang apo na nagugutom. Sa sandaling iyon ay naisip niya ang tanong sa kaniya ni inang Lita, na kung saan ay pinapili si Angelito kung ang gusto niya bang ibigay sa kaniyang ama ay isang regalong nakikita o di nakikita. Napagtanto niya na gusto ng kaniyang tatay na lumaki siyang iniisip na, mas mahalaga ang nagbibigay kaysa tumatanggap, kaya binigay niya ang goto kay mang Inso. Sa huli, naisip ni Angelito na ang pinakamagandang regalo na maibibigay niya sa kanyang tatay ay ang kanyang pagmamahal at pagsunod sa mga bilin nito.

***Mga Konsepto ng Bata mula sa mga nasuring kuwento***

Mula sa mga piling kuwento, apat na tema ang nangibabaw at nabuo pagkatapos suriin ang mga kuwentong pambata, at ang mga natukoy ay konsepto ng “bata”. Makikita sa talahanayan 1 ang mga tema na nabuo at ilang mga siping-patunay na kinuha mula sa mga sinuring kuwentong pambata.

**Talahanayan 1**

*Mga temang lumitaw sa isinagawang pagsusuri*

| Tema | Sipi galing sa kuwento | Pamagat |
|---|---|---|
| **Bata at ang mga matatanda** | “Hanep talaga sa galing manulsi ang dalawang lola ko. Ang mga dating tserts ko na may tastas ay mukhang hindi kailanman nasira dahil sa galing manulsi ni Lola Ingga.”<br>“Ang mga panyolito ko namang binurdahan ni Lola Maring ay hinahangaan ng mga klasmeyt ko sa skul.”<br>“Dahil din sa dalawang lola ko ay nakapaglalakbay ako pabalik sa panahong mga bata pa sina papa at mama na gaya ko.” | Dagita Dua a Lilangko |
| **Bata at ang kahirapan** | “Malaki nga talaga ang bahay nina Sophie at ang ganda pa!” naisip niya. Di niya napigil ang mainggit.”<br>“Malungkot na iginala ni Letty ang kanyang paningin sa kabuuan ng kanilang bahay. Maliit ang bahay nila.”<br>“Di naiwasan ni Letty ang damdamin na mainggit sa iba na may malalaking bahay.” | Ti Balay nga Arapaap ni Letty |

| | | |
|---|---|---|
| **Bata at ang single-parent na magulang** | "Bakit, hindi kaya natatangi at mabuti ang ginagawa ni Nanay sa arawaraw?" "Hindi lang siya Nanay namin kundi nagsisilbing Tatay na rin namin nina Ate Lilet at Kuya Nono." "Si Nanay ang naghahanda at nagbibigay ng mga pangangailangan naming magkakapatid. Kahit oras na ng pagtulog, nagtatrabaho pa rin si Nanay." | Dagiti Medalia ni Nanang |
| | "Dapat lang na mapasaya ko rin si Tatay. Naalala ko tuloy ang mga bagay na ginagawa ni Tatay sa araw-araw para lang mapasaya ako" "Tuwing umaga, nagiging isang chef si Tatay. Magigising ako sa mabangong amoy ng kanyang nilulutong pagkain." | Ti Sagutko ken ni Tatang |
| **Bata at ang kamusmusan** | "Agad kaming sumusunod sa mga iniuutos ng mga magulang namin. Kapag sinabi nilang umuwi kaagad pagkatapos ng aming klase, uuwi kami agad. Di na kami naglalakwatsa. Kumakain kami ng gulay. Magalang kami sa mga nanay at tatay namin, lolo at lola, sa aming mga guro at sa mga nakatatanda sa amin. Kapag sumasagot ay may po at opo." "Di ako nagsasalita. Sa aming magkakaibigan, ako na yata ang pinakamatatakutin. Natatakot talaga ako." "Mabait na bata naman ako. Sumusunod ako lagi sa mga utos nina Nanay at Tatay." | Kumaw |

Ang mga sumusunod ay diskusyon sa mga konseptong inilahad sa talahanayan 1, kung saan ito lumitaw sa mga kuwento at ang ibig sabihin nito.

***Bata at ang mga matatanda -*** Nangibabaw at nabuo ang konsepto ng bata at ang kaniyang mga lola bilang tagapag-alaga mula sa kuwentong "Dagita Dua a Lilangko". Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng University of the Philippines Population Institute (2022), isa sa tatlong bata ang lumaki sa gabay ng kanilang lola, dahil ang kanilang magulang ay nagtatrabaho, naghiwalay, o namatay. Karaniwang ganito ang nagaganap sa lipunan dahil ang mga kababaihan ay mas nakararanas ng *exposure* sa mga pangyayaring ukol sa relasyon ng bawat isa (Kim & Woo, 2022). Ang kanilang mga karanasa ay siyang tumutulong sa kanila upang maalagaan at magabayan nang husto ang kanilang inalagaang mga apo. Ang pangyayaring ito ay makikita sa kuwento noong humuhingi ng tulong si Melita sa kaniyang mga lola kung paano lutasin ang kaniyang kinahaharap na problema. Dagdag pa rito, nabanggit ni Tao (2014) na sadyang mas magaling mag-alaga ang isang babae kaysa sa isang lalaki ayon sa mga *neuroscientist.* Kung kaya't inaasahan ng lipunan na ang mga babae ang siyang taga-alaga at ang kalalakihan ang siyang mag-hanapbuhay, ang tradisyonal na pamamaraan sa isang pamilyang Pilipino (Tiangson, 2018) at dahil ito ang inaasahang tungkulin ng isang babae sa lipunan (Mears, 2019). Ipinakita ang sitwasyong ito sa kuwento na kung saan ang mga lola ang naging tagaluto, taga-ayos ng damit, at tagabantay sa apo nila, habang ang mga lolo at tatay ay nagtatrabaho para sa kabuhayan ng kanilang pamilya.

***Bata at ang Kahirapan -*** Mula sa kuwentong "*Ti Balay nga Arapaap ni Letty*", nabuo ang konseptong ito. Sa kuwento, tinalakay ang mga hamon at pangarap ng isang batang lumaki sa hirap. Ayon sa pananaliksik nina Pareja et al. (2019), nabanggit na malaki ang epekto ng kahirapan sa edukasyon ng isang bata. Ang kahirapan at kakulangan sa pinansiyal ay dahilan ng kawalan ng edukasyon ng mga bata. Ito ay dahil sa mga limitasyon ng mga batang lumaki sa hirap, kagaya na lamang ng kakulangan sa mga pangangailangan, gaya ng bahay o hindi sapat na pera para sa kanilang pag-aaral. Maaaring ito ang pagmulan ng pagkainggit ng mga batang galing sa mahirap na pamilya sa mga batang mas mayaman ang pamilya. Ayon sa pag-aaral nina Chaplin et al. (2014), ipinapakita ang iba't ibang pananaw at pag-uugali ng mga bata batay sa kanilang antas ng pamumuhay. Mula sa panayam na isinagawa sa isang-daan at pitumput pitong (177) mga bata mula sa mahirap at mayamang pamilya, natuklasan na may pagkakaiba sa ang mga ito sa pagiging materyalistiko at pagtingin sa buhay.

***Batang may Single-Parent na Magulang -*** Sa kuwentong "*Dagiti Medalia ni Nanang*", naipakita ang konsepto ng batang pinalaki ng isang magulang, lalo na sa konteksto ng pagpapalaki ng mga anak, ay inilarawan sa pamamagitan ng pakikisama sa trabaho para lang matustusan ang pag aaral ng mga anak. Ayon kina Garcia (2020) at Alampay (2019) ipinapakita na ang mga magulang na may mababang kita sa Pilipinas, kabilang ang mga solong magulang, ay naglalagay ng mataas na halaga sa edukasyon ng kanilang mga anak. Katulad sa kuwento, ipinakita rito ng iba't ibang paraan upang suportahan ang tagumpay sa pag-aaral ng kanilang mga anak, tulad ng pagtulong sa kanilang mga gawain sa paaralan, pagbibigay inspirasyon sa kanila, at pagbibigay ng kaayusan sa tahanan. Naipakita rin kung paano ginampanan ng nanay ang pagiging ina at ama para sa kaniyang mga anak. Isang aral na nagpapatunay rito ay mula kay Arifiana (2020), kung saan ang mga solo na magulang na babae ay naglalaro ng

mahalagang papel sa pagpapabuti ng kagalingan ng pamilya, madalas na nagtataglay ng iba't ibang tungkulin tulad ng ina, pinuno ng pamilya, nagkakamal ng kabuhayan, edukador, at kaibigan. Binibigay ng magulang ang pangangailangan para sa kapakanan nila at kabuhayan, pati na rin ang kahalagahan ng bawat tao at mga bagay sa pamilya. Tulad sa kuwentong ang mga medalya ni nanay ay nagpapakita pa na ang pinakamahalagang bagay sa buhay, tulad ng pag-ibig, sakripisyo, at ang dedikasyon ng isang ina, ay hindi maaaring sukatin ng opisyal na pagkilala o medalya. Ang mga halagang ito ay malalim na nakatanim sa kultura ng mga Pilipino at mahalaga sa pagpapalaki ng mga anak.

Sa kuwentong "*Ti Sagutko ken ni Tatang*", mapapansin ang konsepto ng batang pinalaki ng single parent (Ama). Ang paggamit sa ama bilang isang single parent ay maaaring implikasyon para maipahatid ang mensaheng hindi lamang ang mga ina ang mga nagiging single parent sa totoong buhay. Ayon kay Diesta (2018), natuklasan ng pag-aaral na ang mga amang kasapi sa pag-aaral ay nakararanas ng matinding stress dahil sa transisyon mula sa pagiging kasal patungo sa pagiging solo, at ang mga damdamin ng kakulangan ay lumulutang sa pagganap ng papel ng ina at ama sa tahanan. Sa kabila ng mga hamong ito, iniulat ng mga kalahok na sila ay nakabuo ng mas malakas at positibong ugnayan sa kanilang mga anak. Makikita ito sa kuwento kung saan nabanggit na ang tatay sa kuwento ay ginagawa halos lahat ng mga gawaing bahay upang maalagaan ang kaniyang anak, mapapansin din na ang bida sa kuwento ay lubos na malapit ang loob sa kaniyang ama.

***Bata at ang Kamusmusan -*** Sa kuwentong "*Kumaw*", inilalarawan ang konsepto ng batang masunurin sa pamamagitan ng pananakot. Ayon kay Poratth (2017), napasusunod ang mga bata sa pamamagitan ng manipulasyon sa kanilang mga paniniwalang itinuturo ng mga nakatatanda. Sa pamamagitan ng manipulasyon ng mga nakatatanda ay napasusunod nila ang mga bata ng madalian. Bukod pa rito ay gumagamit din sila ng banta ng parusa at gantimpala upang mapasunod ang mga ito. Ayon naman kina Starks at Robinson (2005), maaaring nagiging masunurin ang mga bata hindi dahil sa takot, kung hindi dahil na rin sa kawalan ng katiyakan sa kanilang moralidad kung kaya't mas pinahalagaan na nila ang pagiging masunurin kumpara sa kanilang awtonomiya upang silang magkaroon ng daan patungo sa pagbuo ng kanilang moralidad. Maaari ding makabuo ng matibay na pundasyon ng pagiging masunurin ng bata sa pamamagitan ng pagmulat ng kanilang mata sa hirap ng buhay at, pagsunod at paglahok sa mga gawaing ipinapakita ang hirap ng buhay gaya na lamang ng pagsasaka o 'di kaya'y mga gawaing bahay (Munroe & Munroe, 1972). Ang pagpapahalaga sa pagiging masunurin ay isang paraan upang maitanim sa isipan ng mga bata ang displina at moralidad na siyang huhubog sa kanilang katauhan sa hinaharap (Derr, 2014).

Isang pag-aaral na nagpapatunay rito ay mula kay Bernal at Iñesta (2009), kung saan iginiit nilang ang mga batang pinapasunod o pinapangaralan lagi ay nagpakita ng hindi gaanong masuwaying asal kumpara sa mga nasa *partial authority.* Ngunit isang pag-aaral mula kina Bluestein at Collins (1987) ang sumasalungat sa lahat ng ito dahil ayon sa kanilang pananaliksik, ang mga batang masunurin ay maaari daw magkaroon ng kakulangan sa pagdedesisyon at madaling maimpluwensiyahan ng eksternal na impluwensiya gaya na lamang ng *peer pressure* na maaaring magdulot ng kapahamakan sa kanilang kaligtasan at integridad sa kanilang pagpapanguna sa kawilian ng iba bago ang kanilang mga sarili o ang tinatawag na *people pleasing*. Ipinapakita ng mga pananaliksik na ito ang mga idea ukol sa pagpapasunod sa mga bata sa puwersahang paraan gaya na lamang sa pamamagitan ng pananakot. Nakalakip din sa mga pananaliksik na ito ang mga kagandahan at negatibong epekto ng pagiging masunurin kung kaya't nararapat lamang natin naisin na hanapin ang balanse ng pagiging masunurin at pagbibigay ng kalayaan sa mga bata upang sila'y magabayan ng maigi at matuto rin sa kanilang sari-sarili. Bukod pa rito, kinakailangan din nating humanap ng ibang mas makabubuting paraan upang maitanim ang ugali ng pagiging masunurin sa kanilang isipan nang hindi gumagamit ng pananakot na maaring ikasama ng kanilang paniniwala at kaisipan sa hinaharap.

***Tunggaliang Kinaharap ng Bata mula sa mga Nasuring Kuwento***

Mula sa mga piling kuwento, tatlong uri ng tunggalian ang lumitaw pagkatapos suriin ang mga kuwentong pambata na siyang hinarap ng mga bata bilang mga pangunahing tauhan na makikita sa talahanayan 2.

**Talahanayan 2**

*Suliranin na hinarap ng bata sa mga nasuring kuwento*

| Tunggalian | Sipi galing sa kuwento | Pamagat |
|---|---|---|
| Tao laban sa sarili | "Madalas na 'pag dumadalaw sila sa bahay ay wala ako dahil abala ako sa paglalaro ng piko sa plasa kasama ng mga kaibigan ko. Habang tumatagal ay di ko napapansing unti-unti na palang napapalayo ang loob ko sa kanila." | Dagita Dua a Lilangko |
| | "Di ako nagsasalita. Sa aming magkakaibigan, ako na yata ang pinakamatatakutin. Natatakot talaga ako." "Kaso naaalala ko, may nagawa pala akong masama nung isang araw. Dumukot ako ng liman piso sa bulsa ng pantalon ni Tatay. Naiinggit kasi ako nun kay Epoy na kumakain ng ice cream. Natakot akong aminin kina Tatay at Nanay ang maling ginawa ko. Baka paluin ako ni Tatay at pagalitan naman ako ni Nanay." | Kumaw |
| | "Ano nga kaya ang magandang iregalo ko sa kanya?" "Tumigil si Inang Lita. Ibinaba ang suong na bilao. "Ang bait mo namang bata. Teka, ano ba ang plano mong iregalo sa Tatay mo? Yung bagay na nakikita o di nakikita?" Nalito ako. "Ano pong ibig niyong sabihin?" | Ti Sagutko ken ni Tatang |
| | "Ako? Takapakinig lang ako ng kwento ng dalawang kaibigan ko. Wala naman kasing medalya si Nanay." | Dagiti Medalia ni Nanang |
| Tao laban sa lipunan | "Malaki nga talaga ang bahay nina Sophie at ang ganda pa!" naisip niya. Di niya napigil ang mainggit. Hindi lang si Sophie ang kaklase niya na may malaking bahay. Marami sila. At gustong gusto silang lahat ni Titser Josie." "Di naiwasan ni Letty ang damdamin na mainggit sa iba na may malalaking bahay. Inilabas niya ang kanyang papel at lapis sa bag. Sinimulan niyang gumuhit. Gumuhit siya ng malaking bahay na may swimming pool. Gaya ng bahay nina Sophie na nakita niya kanina lang." "Ito ang pangarap kong bahay" wika niya na akala mo ay may kinakausap." | Ti Balay nga Arapaap ni Letty |
| Tao laban sa tao | "Adu kano a medalia ti naaw-awatna gapu iti laingna nga agisuro. Isu ti kanayon nga ipaspasaw ni Angela no addakami idiay eskuela. Sangkakunana: "Nalaing ngamin ni mommy isu nga adu ti medaliana!"" | Dagiti Medalia ni Nanang |
| | "Nadagdagan pa ang takot ko sa Kumaw nang minsang kasama ko sina Osi, Mimi at Epoy para bumili sana ng pagkain sa tindahan ni Aling Seniang. Naroon kasi ang mga nanay namin na nagkukwentuhan. Kumaw ang kanilang pinag-uusapan. 'Ang titigas ng ulo ng mga bata ngayon. Kung hindi sila magpapakabait, ay, baka kunin sila ng Kumaw!' sabi ng Nanay ni Mimi." "Ang naglalaro sa isip ko na itsura ng Kumaw: nakasuot ng itim at may suot na maskrang bungo. May hawak na tali at malaking sako na pinaglalagyan niya ng mga bata. Wala ano-ano'y biglang sumigaw si Epoy. 'May Kumaw! May Kumaw!' Sa takot ko, sumibad ako ng takbo. Mabilis na mabilis na parang hinahabol ako ng ulol na aso. Malayo-layo na ang natakbo ko nang lingunin ko ang mga kaibigan ko. Di naman sila tumatakbo! Tumatawa sila habang itinuturo ako." | Kumaw |

Sa kuwentong "Kumaw" kinaharap ng batang tagapagkuwento ang suliraning Tao laban sa sarili. Mababasa sa kuwento kung paano hinarap ng bata ang kaniyang kamusmusan na naipakita sa mga siping natukoy. Sa paglalahad ng kuwento, kinailangang harapin ng bata ang natural na katangian ng pagiging matatakutin dahil sa kaniyang kamusmusan at hindi pa pagiging mulat sa mga bagay na hindi totoo kagaya na lamang ng kumaw. Sa kabilang banda ng kuwento, hindi man nalabanan ng bata ang tukso ng pangungupit sa kaniyang mga magulang ay napagtanto naman niya na siya'y nagkamali at nagawa niya lamang ito dahil sa inggit sa kapwa niya bata at nais niya lamang din magkaroon ng ice cream na kinawiwilian nga naman ng mga batang kagaya niya. Hindi niya lamang nasabi o naamin ito sa kaniyang mga magulang dahil sa takot na siya'y pagalitan o parusahan.

Sa suliraning Tao laban sa tao naman na nabanggit na kuwento, makikita ang tunggaliang ito sa mga napiling sipi sa pamamagitan ng pilit na pananakot ng mga nanay na nag-uusap-usap sa tindahan ni aling Seniang upang mas lalong masindak ang mga bata sa Kumaw at bigyan sila ng motibo upang mas maging masunurin pa sa kanilang mga nanay at isipin sa pamamagitan ng pagiging masunurin ay hindi sila kukunin ng Kumaw. Sa kuwentong "*Ti Balay nga Arapaap ni Letty*," ipinakita ang laban ng isang bata laban sa lipunan. Makikita sa kuwento na ang bidang karakter na si Letty ay hindi mapigilang mainggit sa kaniyang mga kaklase na may malalaking bahay dahil sa mas mataas na antas ng pamumuhay nila. Dahil dito, hinahangad niyang maging katulad ng ibang taong mayaman at may malaking bahay. Ang paghahangad na ito ay epekto ng pagiging mahirap ng kaniyang pamilya at ang kaniyang pag-unawa sa lipunang nagbibigay halaga sa mga materyal na bagay. Ang

kuwento ay nagpapakita ng pakikipaglaban ni Letty sa mga hamong dulot ng kahirapan at ang kahirapan ang nagtulak sa kaniyang mainggit at mangarap. Sa huli ay napagtanto rin ng bata na mas importante na masaya siya at kapiling niya ang kaniyang pamilya sa halip na magkaroon sila ng malaking bahay ngunit hindi niya kapiling ang kaniyang pamilya.

Sa kuwentong "*Dagita Dua a Lilangko*," kinaharap ng bata ang reyalidad ng pagtanda na siyang naging rason kung bakit hindi gaano pinansin ni Melita ang kaniyang mga lola noong siya'y nagdadalaga. Ngunit, ang ugaling ito ay nawala noong siya'y humingi ng tulong sa kaniyang mga lola. Sa kuwentong "*Ti Sagutko Ken Ni* Tatang," malalim na inilalarawan ang tunggaliang tao laban sa sarili. Ang pangunahing karakter, Angelito, ay nagtatangkang maghanap ng perpektong regalo para sa kaniyang tatay sa nalalapit nitong kaarawan. Sa kaniyang pag-iisip, nagkaroon siya ng mga pag-aalinlangan at kawalan ng katiyakan sa kung ano ang magiging magandang regalo sa kaniyang tatay. Nakadagdag pa rito ang sinabi sa kanya ni inang Lita kung ang gusto ba niyang iregalo ay ang nakikita o di nakikitang regalo. Ito ay isang malinaw na halimbawa ng suliranin, kung saan sariling damdamin at desisyon and kaniyang kinakalaban. Sa huli, napagtanto ni Angelito na ang pinakamahalagang regalo na maaari niyang ibigay ay hindi materyal na bagay kundi ang kaniyang pagpapahalaga at pagmamahal sa kaniyang tatay at kapwa. Mapapansin na sa huling parte ng kuwento ay mapapansin ang pag-unlad bilang isang karakter at ang kaniyang pagkaunawa sa tunay na kahulugan ng pagbibigay.

Sa kuwentong "*Dagiti Medalia ni Nanang,"* ipinakita ang laban ng tao sa sarili. Makikita sa kuwento na ang mga batang mag-aaral ay nagkukwento tungkol sa kanilang nanay at ang kanilang mga medalya, ngunit sa pagkakaroon ng pag-aalinlangan ng batang bida kung pwede ba niyang ikuwento ang kanyang sariling ina nang walang medalya, napapagpasyahan niyang makinig na lamang. Sa halip na maging tagapagkuwento rin siya sa kaniyang kapwa bata, hindi niya nauunawaan ang tunay na halaga ng medalya ng kaniyang ina, na talaga namang tumutukoy lamang sa kanyang sarili. Ayon kay Uszyńska-Jarmoc (2004), binabanggit na ang pag-iisip sa sarili at imahe ng sarili ng mga bata ay maaaring mag-iba depende sa konteksto ng lipunan, na nagpapahiwatig ng isang potensiyal na pinagmumulan ng pag-aalinlangan sa sarili. Ipinapakita nito kung paano ang isang indibidwal ay naglalapat sa kanilang sariling pagkakakilanlan batay sa kanilang kapaligiran, makikita ito sa kuwento nang nagnais ang bata na magkamedalya bilang sukli sa pagmamahal ng ina sa kaniya at nakalimutan ng batang bida na siya ay isa sa pinakamahalagang medalya ng kaniyang nanay dahil sa pagiging anak na mapagmahal at masunurin. Dagdag pa rito sa mga pag-uusap ng magkaibigan, ipinakikita ang kanilang paghanga at inggit sa isa't isa dahil sa mga parangal at pagkilala na tinatanggap ng kanilang mga ina. Dito lumilitaw ang masalimuot na laban ng tao sa kaniyang sarili, kung saan hindi lamang ang bata ang nag-aagawan sa kanyang sariling damdamin at pag-unawa sa sarili, kundi pati na rin ang panunggali ng mga kaibigan sa kanilang mga sari-sarili na sinusubukang tukuyin ang kanilang sariling halaga at posisyon sa lipunan.

***Nabuong Kagamitang Pampagtuturo***

Mula sa isinagawang pagsusuri, nakabuo ang mga mananaliksik ng kagamitang pampagtuturo, na naglalaman ng buod ng mga kuwentong sinuri, ang diskusyon kung ano ang naganap sa kuwento, mga katanungan na pwedeng sagutan ng mga mag-aaral, at ang nabuong konsepto ng bata.




**Larawan 1.** Kagamitang Nabuo mula sa mga nasuring kuwentong pambata

## 5. Implikasyon

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay nagpapakita ng kahalagahan ng representasyon ng mga bata sa mga kagamitang pampagtuturo at pampagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa iba't ibang konsepto ng mga bata, mas mabibigyang-pansin ng mga guro ang mga kumplikadong karanasan at kinahaharap ng mga bata sa tunay na buhay. Ang mga natukoy na tema—tulad ng bata at ang mga nakatatanda, bata at ang kahirapan, bata at ang single-parent, at bata at ang kamusmusan—ay nag-aalok ng mahahalagang pananaw na maaaring makatulong sa pagpapayabong ng kaalaman lalo na aspekto ng pagtuturo at pagkatuto. Ang iba't ibang representasyon ng mga bata mula sa mga nasuring kuwento ay maaaring magbigay ng gabay sa pagbuo ng isang mas inklusibo at komprehensibong kurikulum. Ang ganitong paraan ay maaaring maghikayat sa mga estudyante na pahalagahan ang iba't ibang perspektibo at hamon na kinahaharap ng kanilang kapwa. Ang pagsusuri sa mga tunggalian at tema sa loob ng mga kuwentong ito ay maaaring mapahusay ang kritikal na pag-iisip ng mga estudyante. Maaaring gabayan ng mga guro ang mga estudyante sa pagsisiyasat sa mga pangunahing isyu at moral na dilemma na kinakaharap ng mga karakter, na nagpapamalas ng kritikal na talakayan. Ang mga natuklasan ng pag-aaral tungkol sa mga batang naninirahan kasama ang mga lola, nakakaranas ng kahirapan, o pinalaki ng mga single-parent ay nagpapakita sa pangangailangan ng mga kagamitang pampagtuturo na nagpapakita ng iba't ibang estruktura at kalagayan ng isang pamilyang Pilipino. Ang representasyong ito ay maaaring makatulong sa mga estudyanteng may katulad na karanasan, at maramdaman nila na sila ay naiintindihan at nauunawaan ng lipunan.

## 6. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa resulta ng pag-aaral, makikitang may ibat’t ibang konsepto ng bata ang lumitaw sa mga nasuring kuwentong pambata. Sa pamamagitan ng masusing pag-unawa ng mga batang karakter sa mga kuwentong pambata gamit ang content analysis at thematic analysis, matagumpay na natukoy ang konsepto ng “bata” sa mga kuwentong pambata tulad ng Bata at ang mga nakatatanda; Bata at ang kahirapan; Bata at ang Single-Parent na Magulang; at Bata at ang Kamusmusan. Natukoy din ang iba’t ibang tunggalian na kinahaharap ng mga bata sa mga kuwentong pambata tulad ng tao laban sa tao, tao laban sa sarili, at tao laban sa lipunan. Mula sa kongklusuyong nabuo, iminumungkahi ang mga sumusunod; basahin at suriin ang iba pang kuwentong pambata upang matukoy ang iba pang konsepto ng bata; ipagamit ang nabuong kagamitang pampagtuturo upang mabigyang kaalaman ang lipunan kung ano ang konsepto ng “bata” sa mga kuwentong pambata.

## 7. Sanggunian

Aguila, C. J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. The Normal Lights, 11(1), 176-197. file:///C:/Users/63933/Downloads/Administrator,+Normal_Lights-V11-Issue1_Aguila%20(2).pdf

Alampay, L. P., & Garcia, A. S. (2019). Education and parenting in the Philippines. School systems, parent behavior, and academic achievement: An international perspective, 79-94.

Alhojailan, M.I. (2012) Thematic Analysis: A Critical Review of its Process and Evaluation. West East Journal of Social Sciences, 1, 39-47.

Arifiana, D. P. (2020). Peran Perempuan Sebagai “Single Parent” Dalam Upaya Meningkatkan Kesejahteraan Keluarga (Studi Di Kecamatan Mayangan, Kota Probolinggo) (Doctoral dissertation, Universitas Muhammadiyah Malang).

Bernal, N.E.R., Iñesta, E.R. (2009). Level of Authority and Response Cost in the Obebedience of Schoolchildren. Revista Mexicana De Biodiversidad, 1(2):53-65.

Bluestein, J., Collins, C. (1987). Is Obedience Enough. 12(3):7-8.

Bolldén, K. (2016). Teachers' embodied presence in online teaching practices. Studies in Continuing Education, 38(1), 1-15.

Busch, Carol, Paul S. De Maret, Teresa Flynn, Rachel Kellum, Sheri Le, Brad Meyers, Matt Saunders, Robert

White, and Mike Palmquist. (2005). Content Analysis. Writing@CSU. Colorado State University. https://writing.colostate.edu/guides/guide.cfm?guideid=61

Chaplin, L. N., Hill, R. P., & John, D. R. (2014, April 1). Poverty and Materialism: A Look at Impoverished Versus Affluent Children. *Public Policy & Marketing*, *33*(1), 78-92. https://doi.org/10.1509/jppm.13.050

Daniels, Molly, "The Effects of the Socio-Political Climate on Children's Literature Over the Past Eighty Years" (2020). Undergraduate Honors Theses. Paper 582. https://dc.etsu.edu/honors/582

Derr, C.R. (2014). The Role of Obedience in Child Faith Formation: Insights from the Teachings and Practices of John Wesley. Christian Education Journal Research on Educational Ministry, 11(2):367-382. doi: 10.1177/073989131401100210

Engle, P. L., & Black, M. M. (2008, July 25). The Effect of Poverty on Child Development and Educational Outcomes. *Annals of the New York Academy of Sciences*, *1136*(1), 243-256. https://doi.org/10.1196/annals.1425.023

Fauzan, U. (2016). *Structural Analysis of " Peanut & Sparky " : A Short Story by Arnie Lightning as A Way in Understanding Literature*. Academia.edu. https://www.academia.edu/28416581/Structural_Analysis_of_Peanut_and_Sparky_A_Short_Story_by_Arnie_Lightning_as_A_Way_in_Understanding_Literature

Folarin, S. F. (2013). Types and causes of conflict. *S. Folarin, Readings in Peace and Conflict Studies*, 13-25.

Galdonez, D. P. (2022). Tipon, salin, at suri ng mga kuwentong bayang Iloko. *International Journal of Research Studies in Education*, *11*(1). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.205

Garcia, A. S., & de Guzman, M. R. T. (2020). The meanings and ways of parental involvement among low-income Filipinos. Early Childhood Research Quarterly, 53, 343-354.

Grenby, M. O. (2014). Children's literature. Edinburgh University Press.

Güzel, S. (2022). The importance of reading activities in reading comprehension. Disiplinlerarası Yenilik Araştırmaları Dergisi, 2(1), 29-34.

Handayani, M. P. (2013). USING CHILDREN SHORT STORIES TO ENHANCE STUDENTS` READING COMPREHENSION | Handayani | Journal of English and Education.

Heath, H. (2006). Exploring the influences and use of the literature during a grounded theory study. Journal of Research in Nursing, 11(6), 519-528.

Hunt, P. (Ed.). (2006). Understanding children's literature. Routledge.

Jagoo, K., & Atkins, L. (2023, January 23). *The Importance of Representation in Books*. Verywell Mind. Retrieved December 10, 2023, from https://www.verywellmind.com/the-importance-of-representation-5076060

Jalongo, M. (2004). Stories that teach life lessons. Scholastic Parent & Child, 12(2), 36-42.

Lani, J. (2021, July 12). Qualitative data. Statistics Solutions. https://www.statisticssolutions.com/qualitative-data/#:~:text=Thematizing%20refers%20to%20the%20analysis,question%20to%20identify%20the%20themes.

Law, T. J. (2023, October 13). 9 Benefits of Reading Books: Enhance Your Life Daily (2024). Oberlo. Retrieved November 20, 2023, from https://www.oberlo.com/blog/benefits-of-reading-books

Lowe, D. F. (2009). Helping children cope through literature. Forum on Public Policy Online, 2009(1).

Monroy-Fraustro, D., Maldonado-Castellanos, I., Aboites-Molina, M., Rodríguez, S., Sueiras, P., Altamirano-Bustamante, N., De Hoyos Bermea, A., & Altamirano-Bustamante, M. M. (2021). Bibliotherapy as a Non-pharmaceutical Intervention to Enhance Mental Health in Response to the COVID-19 Pandemic: A Mixed-Methods Systematic Review and Bioethical Meta-Analysis. Frontiers in Public Health, 9. https://doi.org/10.3389/fpubh.2021.629872

Morell, J. (2009) Thanks, but this isn't for us (London: Penguin).

Munroe, R.L., Munroe, R.H. (1972). Obedience Among Children in an East African Society. Journal of Cross-Cultural Psychology, 3(4):395-399. doi: 10.1177/002202217200300408

Nikolajeva, M. (2005) Aesthetic Approaches to Children's Literature: An Introduction (Scarecrow Press).

Nikolopoulou, K. (2022, August 11). What Is Purposive Sampling? | Definition & Examples. Scribbr. Retrieved

December 2, 2023, from https://www.scribbr.com/methodology/purposive-sampling/

Porath, O. (2017). Nasty Boys or Obedient Children? Childhood and Relative Autonomy in Medieval Japanese Monasteries. doi: 10.1525/LUMINOS.40.B

Portana, H. V., Fronda, J. G., Policarpio, D. G. T., Rigat, K. a. R. C., & Llames, G. A. (2021). Effectiveness and acceptability of instructional materials in the enhancement of students' academic achievement. International Journal of Advanced Engineering, Management and Science, 7(1), 12–15. https://doi.org/10.22161/ijaems.71.2

Prestwich, D. L. (2004). Character education in America's schools. School Community Journal, 14(1), 139-150.

Rahiem, M., Abdullah, N. S. M., & Rahim, H. (2020). Stories and storytelling for moral education: Kindergarten teachers' best practices.

Rahiem, M. D. (2013, January). (PDF) The Use of Stories as Moral Education for Young Children. ResearchGate. Retrieved November 21, 2023, from https://www.researchgate.net/publication/269939320_The_Use_of_Stories_as_Moral_Education_for_Young_Children.

Rahim, H., & Rahiem, M. D. H. (2012, November). The Use of Stories as Moral Education for Young Children. International Journal of Social Science and Humanity, 2(6), 454-458. 10.7763/IJSSH. 2012.V2.145

Reolalas, S. R. (2018, December). THE ENDANGERED ILOKANO TERMS. *International Journal of Scientific & Engineering Research*, *9*(12), 246-254. ISSN 2229-5518

Satriani, I. (2019). STORYTELLING IN TEACHING LITERACY: BENEFITS AND CHALLENGES. English Review: Journal of English Education, 8(1), 113. https://doi.org/10.25134/erjee.v8i1.1924

Schneider, J. J. (2016, January 1). Chapter 02: What is Children's Literature? Digital Commons @ USF. Retrieved November 20, 2023, from https://digitalcommons.usf.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1002&context=childrens_lit_textbook.

Short, K., Yenika-Agbaw, V., Beach , R., Encisco, P., Harste, J., Jenkins, C., Rogers, R., Raina, S., Sung, Y. K., & Wilson, M. (2009). Exploring the "critical" in critical content analysis of children's literature. In 58th Yearbook of the National Reading Council National Reading Conference.

Smith-D'Arezzo, W. M., & Moore-Thomas, C. (2010). Children's perceptions of peers with disabilities. TEACHING Exceptional Children Plus, 6(3), 1-16.

Starks, B., Robinson, R.V. (2005). Who Values the Obedient Child Now? The Religious Factor in Adult Values for Children, 1986–2002. Social Forces, 84(1):343-359. doi: 10.1353/SOF.2005.0130

Tan Jr, J. G. (2015). Using outline to enhance reading comprehension in a high school English language classroom. American Journal of Educational Research, 3(7), 893-896.

Turner, C., & Astin, F. (2021). Grounded theory: what makes a grounded theory study?. European Journal of Cardiovascular Nursing, 20(3), 285-289.
Uszyńska-Jarmoc*, J. (2004). The conception of self in children's narratives. Early Child Development and Care, 174(1), 81-97.

Yahya, A. H., & Sukmayadi, V. (2020). A review of cognitive dissonance theory and its relevance to current social issues. Mimbar, 36(2). https://doi.org/10.29313/mimbar.v36i2.6652